



Mga Pangunahing Panuntunan sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho Sa Panahon ng Matinding Niyebe

Maaga ang malakas na pag-ulan ng niyebe sa Seoul metropolitan area noong Nobyembre 2024 na Humantong sa maraming nakamamatay na aksidente!

Ang masusing pamamahala sa kaligtasan sa lugar ng trabaho ay mahalaga upang maiwasan ang mga naturang aksidente sa panahon ng malakas na pag-ulan ng niyebe.



Mga Pangunahing Uri ng Kalamidad na Dulot ng Matinding Niyebe

Pagkadulas at Pagkahulog

- ✓ Pagkadulas sa mga nagyeyelong bahagi tulad ng mga rampa, hagdan, at mga madilim na lugar
- ✓ Pagkahulog mula sa taas habang nagtatrabaho sa bubong, etc.

Pagbagsak at Pagtama

- ✓ Pagbagsak ng kagamitan, materyales, o mga istruktura dahil sa basang niyebe.
- ✓ Matamaan ng natanggal na materyales, pansamantalang istruktura, at iba pa.

Pagkatumba

- ✓ Panganib na matumba ang tower cranes, makinarya, at iba pang kagamitan sa konstruksiyon dahil sa matinding niyebe at malalakas na hangin."

Kamakailang Mga Kaso ng Aksidente

Kaso 1 Pagbagsak ng isang pansamantalang istruktura dahil sa mabigat na snow

Pangkalahatang-ideya ng Aksidente

Ang isang panlabas na bakuran ng imbakan (pansamantalang istruktura) sa pabrika ay gumuho dahil sa bumigat na karga na makapal na niyebe, na nagresulta sa pagkadagan ng isang manggagawa sa ilalim (1 nasawi).



Kaso 2 Ang kagamitan ay natumba sa isang nahukay na lugar habang nagtatanggal ng snow

Pangkalahatang-ideya ng Aksidente

Ang mga kagamitan sa konstruksiyon (isang skid steer loader) na nagsasagawa ng pagtanggag ng snow sa loob ng site ay natumba at nahulog ng 7 metro sa nahukay na lugar (1 nasawi).



Panuntunan sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho Sa Panahon ng Matinding Niyebe

Mga Pangunahing Panuntunan

- ✓ Kapag naglabas ng paunang abiso sa matinding niyebe → Aktibong gumamit ng telecommuting/flexible na trabaho at mga opsyon sa paglikas
- ✓ Kung may nalalapit na panganib ng aksidente sa lugar ng trabaho → Agad na itigil ang trabaho at ilikas ang mga manggagawa!

Bago ang Malakas na Niyebe

- 1 Patibayin ang mga pansamantalang istruktura na maaaring bumagsak dahil sa naipong niyebe, gaya ng tent roofs, canopy, at pansamantalang daanan, atbp.
- 2 Suriin ang estado ng pag-secure ng mga materyales at pansamantalang istruktura na maaaring masira
- 3 Suriin ang imbentaryo at kahandaan sa pagpapatakbo ng mga kagamitan sa pag-alis ng snow nang maaga
- 4 Maghanda ng contact network sa emergency at isang team ng emergency recovery
- 5 Regular na suriin ang mga abiso sa panahon na inisiy ng Administrasyon ng Meteorolohikal (Sa panahon ng payo sa matinding niyebe, gumamit ng telecommuting/flexible na trabaho at mga opsyon sa paglikas)

Sa Panahon ng Matinding Niyebe

- 1 Sa mga unang yugto ng matinding niyebe, alisin ang niyebe at lagyan ng calcium chloride o mga katulad na sangkap upang matiyak ang mga ligtas na daanan
- 2 Ipagbawal ang pagpasok sa mga lugar sa ilalim ng mga pansamantalang istruktura na maaaring gumuho sa ilalim ng naipon o basang niyebe
- 3 Suspindihi ang panlabas na trabaho sa panahon ng matinding niyebe at malakas na hangin (kasama na ang steel framework at paggamit ng mga makinarya o kagamitan sa konstruksiyon)
- 4 Bawalan ang mga pag-deliver gamit ang dalawang-gulong na sasakyan o utusan ang mga rider na magmaneho nang maingat sa mga delikadong lugar.

Pagkatapos ng Matinding Niyebe

- 1 Suriin ang kaligtasan ng mga pangunahing istruktura at kagamitan bago ipagpatuloy ang trabaho
- 2 I-secure ang mga ligtas na daanan sa pamamagitan ng paglalagay ng calcium chloride o mga katulad na sangkap
- 3 Pigilan ang pagbagsak sa pamamagitan ng pagtanggag ng snow sa mga bubong*, atbp. * Tiyakin ang mga hakbang sa pag-iwas sa pagkahulog nang lubusan kapag nagsasagawa ng gawaing bubong
- 4 Magsuot ng pansariling kagamitan sa proteksiyon at insulated na kasuotan para sa panlabas na trabaho tulad ng pagtanggag ng snow
- 5 Para sa dalawang gulong na sasakyan sa pag-deliver, iwasan ang mga nagyeyelong seksyon at gumamit ng mga kalsada kung saan natanggal na ang niyebe